Pagprotekta sa ating mga mag-aaral

ANG DAPAT MONG MALAMAN SA KARAPATAN NG MGA IMIGRANTE AT BANTA NG DEPORTASYON

Lahat ng bata ay may karapatan sa pampublikong edukasyon

Sa ilalim ng batas pederal, lahat ng bata, di alin-tana ang kanilang pagkamamamayan o katayuan ng paninirahan ay may karapatan sa edukasyong K-12, kasama na ang mga serbisyo sa pagpapayo sa kolehiyo. Ang mga distrito ng paaralan na nagbabawal o di naghihikayat na magpatala ang mga bata sa paaralan sa dahilang sila o ang kanil-ang mga magulang ay mga imigranteng walang dokumento ay maaaring lumalabag sa batas ped-eral.

Ang sinasaad ng batas tungkol sa pagpapatupad ng batas sa loob o malapit sa mga paaralan at mga ibang lugar.

Noong Enero 20, 2025, pinawalang bisa ng admin-istrasyong Trump ang memo ng polisiya na nag-proprotekta sa mga lugar – tulad ng mga paaralan at mga palisidad na pangkalusugan – sa pagpapatupad ng imigrasyon. Bilang resulta, ang mga opisyal ng ICE at ahente ay pinapayagan na magsagawa ng pagkilos sa pagpapatupad sa mga lokasyon at mga okasyon:

- Mga Paaralan (kabilang ang mga preschool, mga pangunahing paaralan, mga sekondaryong paaralan, mga kolehiyo at mga unibersidad at mga ibang institusyon ng pag-aaral tulad ng mga bo-kasyunal at paaralan ng kalakalan);
- Mga ospital;
- Mga simbahan, sinagoga, moske at mga ibang institusyon ng pagsamba, tulad ng mga gusaling inuupahan para sa serbisyong relihiyon;
- Habang may mga lamay, mga kasal at mga pang relihyosong seremonya
- Habang may mga pampublikong demon-strasyon, tulad ng mga martsa, welga at mga parada:
- Mga lugar kung saan nagtitipon ang mga bata, tulad ng mga palaruan at mga hintuan ng bus:
- Mga pasilidad para sa serbisyong sosyal, tulad ng sentro para sa karahasan sa tahanan at mga kuhanan ng pagkain; at
- Mga lugar ng pagtugon sa kalami-dad/emerhensiya, tulad ng mga rota ng paglikas.

Mahalaga na maalala natin na ang mga miyembro ng ating mga komunidad ng imigrante ay mayroon pa ring mga karapatang konstitusyonal. May mga mahalagang hakbang na maaaring gawin para su-portahan ang mga mag-aaral at mga pamilya sa la-hat ng mga itinalagang protektadong lugar. Ka-bilang sa mga hakbang na ito ang:

- Tukuyin ang anumang naaangkop na mga batas pederal, estado at lokal at mga polisiya ng distrito na nagpoprotekta sa mga imigranteng mag-aaral at mga pamilya.
- Kung hindi umiiral ang mga patakaran, bumuo ng isang nakasulat na polisiya sa pagtugon at maa-gang plano ng paghahanda kung magkaroon ng pakikipag-ugnay sa mga opisyal na nagpapatupad ng imigrasyon sa loob o sa tabi ng paaralan o sa ibang lugar.
- Magtalaga ng awtorisadong tao para magsuri ng mga warrant at subpena.
- Maunawaan ang kaibahan ng mga pampubliko at mga pribadong lugar.
- Sanayin ang mga hindi awtorisadong tauhan at mga boluntaryo kung papaano remosponde sa mga kahilingan ng ICE.
- Itala ang lahat ng pakikipag-ugnayan sa nagpapatupad ng imigrasyon
- Makipag-ugnayan sa mga network na tumutugon sa imigrasyon sa inyong lugar.

Ang sinasaad ng batas tungkol sa pagbabahagi ng impormasyon ng mag-aaral sa mga awtoridad ng imigrasyon

Sa ilalim ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA), ang mga paaralan ay pinagbabawalan, na walang pahintulot ng mga magulang, sa pag-bibigay ng impormasyon galing sa tala ng es-tudyante sa mga ahente ng imigrasyong pederal kung ang impormasyon ay potensyal na maglantad ng katayuan sa imigrasyon ng mag-aaral. Para sa kaalaman ng FERPA, tignan ang studentpriva-cy.ed.gov/ferpa. immigration status. For more on FERPA, see **studentprivacy.ed.gov/ferpa**.

Ang mga paaralan ay dapat na ligtas na kanlungan, bukas na lugar ng pag-aaral at malaya sa rasismo, diskriminasyon at banta sa deportasyon.

Ang mga distrito ng paaralan ay responsable sa pagtiyak ng kaligtasan at kabutihan ng kanilang mga mag-aaral. Ang mga guro at kawani ng suporta sa paaralan ay maaaring makipag-ugnayan sa mga kaalyadong komunidad para muling pagtibayin na ang kanilang paaralan at mga campus ay ligtas na lugar. Ang isang mahalagang hakbang ay ang muling pagsusuri ng mga kasanayan sa pagkolekta ng datos. Dapat mag-isip ang mga paaralan at lim-itahan sa abot ng makakaya ang impormasyong nakolekta sa mga mag-aaral at sa kanilang mga pamilya (halimbawa, para saan ang impormasyon na kinolekta at sino ang may access nito.) Iwasang kolektahin ang mga impormasyon tungkol sa katayuan sa imigrasyon, na may nakababahalang epekto sa mga pamilya at posibleng nilalabag ang Plyler v. Doe, ang desisyon ng Korte Suprema na naggagarantiya ng access sa K-12 na pampub-likong edukasyon para sa lahat ng bata anuman ang katayuan sa imigrasyon.

Mga dapat at hindi dapat gawin para sa mga mag-aaral at ng kanilang mga pamilya kapag ang mga awtoridad ng ICE ay pumunta sa kanilang tahanan

- **Huwag buksan ang pintuan.** Ang mga awtoridad ng ICE ay hindi maaaring pu-masok ng walang pirmadong warrant ng korte. Sabihin sa kanila na ipasok sa ilalim ng pintuan ang warrant bago mo ito buksan.
- **Manahimik.** Maaaring gamitin ng ICE laban sa iyo ang anumang sabihin mo laban sa iyong kaso sa imigrasyon, kaya angkinin ang iyong karapatan na manahimik! Sabihin mo "Pinakikiusap ko ang Ika-Lima at pipili-ing manahimik."
- **Huwag pumirma.** Huwag pumirma sa anumang ibigay ng ICE nang hindi nakikipag-ugnayan sa abogado.
- **Lumaban!** Kumuha ng mapagkakatiwalaang abogado, tumawag ng lokal na organisasyon para sa karapatan ng mga imigrante at tignan ang lahat ng mga pagpipilian upang labanan ang iyong kaso. Kung ikaw ay napigil, maaari kang magpiyansa – huwag mawalan ng pag-asa!

Para sa karagdagang mga mapagkukunan at im-pormasyon, makipag-ugnay sa:

- **AFT**
  www.aft.org/immigration
- **Share My Lesson**
  www.sharemylesson.com/immigration
- **Colorín Colorado**
  www.colorincolorado.org/immigration
- **National Immigration Law Center**
  www.nilc.org
- **United We Dream**
  www.unitedwedream.org
- **Center for Law and Social Policy**
  www.clasp.org

AFT, AFL-CIO | 555 New Jersey Ave. N.W. | Washington, DC 20001 | www.aft.org
aft.org AFTunion @AFTunion AFTunion

United We Dream NATIONAL IMMIGRATION LAW CENTER CLASP The Center for Law and Social Policy aft Education Healthcare Public Services